HOSPICE
HALIFAX

Ang Hospisyo Halifax ay lubos pusong nakalaan sa probinsya ng Nova Scotia upang mabigyan ng pinakamabuting pangangalaga at kaginhawahan ang mga may karamdaman na sakaling naghihintay na mabawian ng buhay, at nakalaan din sa kanyang kapamilya.

hospicehalifax.ca

Taon-taon, ang Hospisyo Halifax ay tumatanggap ng 150 pasyente. Dito itinatalaga ang mga may karamdaman na hindi kailangang alagaan sa ospital at hindi rin maalagaan sa kanyang sariling tahanan.

Sa araw araw, ang mga tinanggap na may karamdaman sa loob ng Hospisyo Halifax ay ay tumatanggap ng alaga mula sa mga propesyonal na nars at doctor. Ang mga may karamdaman at ang kanyang pamilya ay maaring sumali sa ipinaaabot na programa at payo sa oras ng pangungulila at pakikipamuhay sa lipunan.

Ang aming paglilingkod ay walang bayad at bahagi ng kawang gawa. Kami ay tumatanggap ng handog o' donasyon.

Ang Hospisyo Halifax ay maihahalintulad sa sariling tahanan. Mayroong 10 pansariling silid, ito ay mapanghalinang tumanggap ng bisita, maginhawa, tahimik at mayroong maidudulot na makakain.

hospicehalifax.ca | info@hospicehalifax.ca | (902) 446-0929
618 Francklyn Street, Halifax, NS B3H 3B4

Paano ako matatanggap?

1. Itanong sa iyong mapagkakatiwalaan na tagapangalaga (halimbawa: doctor, nars praktisyoner, espesyalista, miyembro ng “Palliative Care Consultant Team”) kung ikaw ay nararapat tanggapin sa Hospisyo Halifax.Tunghayan ang Hospice Halifax website ukol sa iba pang kaalaman.

2. Ang iyong pinagkakatiwalaang propesyonal na taga pangalaga ang magmumunkahi at magpapadala ng wastong dokumento na kahilingan (Hospice Request for Assessmnet Form) sa Hospisyo Halifax.

3. Susuriin ng Hospisyo Halifax ang kahilingan at ang kapasyahan ay isasangguni sa iyong tagapangalaga (healthcare professional).

Ginagawa ng Hospisyo Halifax ang lahat ng makakayanan upang mapagbigyan ang mga karapatdapat na kahilingan.Ang Hospisyo Halifax at iba pang bumubuo ng hospisyong tahanan sa ating probinsya ay kabilang sa pamamaraan upang makapagdulot ng maginhawang pangagalaga sa sambayanan.

Bilang isang lubos na maunawaing samahan, kami ay:

Naghahandog ng pinakamahusay na kalinga sa mga may karamdaman na humaharap sa kanyang nalalapit na katapusan ng buhay. Ang mga karapatan, hinirang, katauhan at kalinangan ng may karamdaman at kanyang pamilya ay iginagalang.

Hinihimok namin na ang maninirahan sa Hospisyo Halifax at kanyang pamilya ay magdala ng ilang mahalagang alaala mula sa sariling tahanan, magbigay panahon sa makahulugang samahan at maari ding bumisita ang minamahal na alagang hayop.

Mayroong programang masasalihan ang mga pamilya at kaibigan sa pagtanggap ng payo ukol sa pangungulila.

Marami kaming namamasukan at mga kusang loob mangagawa na taos pusong gumaganap sa kanilang gawain at sariling pangangalaga.

HOSPICE
HALIFAX

SUPPORT TODAY